




Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100



Tel No.: (065) 212-5843

e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

Memorandum Pansangay
Blg. 024, serye 2020

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro Ng Sekundarya
Guro sa Filipino 10

Mula kay:  **MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: Sanayan 215 Serye 2020 (Filipino 10)

Petsa: Enero 15, 2020

1. Bilang tulong teknikal para sa pag-angat ng *Mean Percentage Score (MPS)* sa *National Achievement Test (NAT)* at alinsunod sa mga programa ng Kagawaran Ng Edukasyon sa pagkamit ng kapaki-pakinabang na literasi ng mga mag-aaral sa bagong kurikulum, ang Sangay Ng Zamboanga del Norte ay bumuo nitong **Sanayan 215 Serye 2020 (Filipino 10)**. Ito ay naglalaman ng **215 aytem** na nabuo mula sa mga iniipong ebalwasyong gawa ng mga guro sa Filipino 10 sa naisagawang Pagsulat Ng Hulwarang Banghay-Aralin noong (Oktubre 9-11 at Oktubre 15-18, 2019).
2. Ang proyektong ito ay naglalayong:
 - a. magagamit ng mga guro sa Filipino 10 bilang lunsarang gawain;
 - b. magsasanay ang mga estudyante upang mahasa ang kasanayan; at
 - c. maagapan ang kakulangan ng mga materyal para sa NAT review.
3. Higit na hinihikayat ang mga prinsipal ng mga paaralang Sekundarya na magpaparami sa kopya ng naturang proyekto gamit ang School MOOE/lokal na pondo ng paaralan dahil iisang kopya lamang ang maibigay ng Sangay para sa bawat Mataas Na Paaralan.
4. Kalakip ng Memorandum na ito ang kopya ng **Sanayan 215 Serye 2020 (Filipino 10)** para sa kabatiran at aksyon ng mga kinauukulan.
5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito. Ilagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
ASSESSMENT CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

ADS/Sanayan 215 Serye 2020 (Filipino)/DM001-2020/Enero 15, 2020



"Be and Do Much Better Each Day with a Sense of Urgency"

